# KIAN Kumusta Kawasaki

Inilathala sa wikang: Ingles, Intsik, Koreyano, Espanyol, Portugal, Tagalog at Madaling Nihonggo
Matatagpuan ang isyu na ito sa HP (http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html).
Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki
2-2 Kizuki Gion-cho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa-ken
Tel 044-435-7000 Fax 044-435-7010 http://www.kian.or.jp/ E-mail : kiankawasaki@kian.or.jp

## 'Gabay para sa mga taong hindi gumagamit ng wikang hapon bilang sariling wika' Tungkol sa pagpasok sa Mataas na Paaralan

- Hindi kailangan ang aplikasyon sa pagdalo
- Libreng pagpasok
- Sinong puwedeng sumali : 1~3 year student sa junior highschool , graduate student, pamilya, supporter, at guro nila
- ※May mga tagapagsalin ng ibang wika(Intsik, Ingles, Espanyol, Portuges, at Tagalog.)
- Para sa mga ibang tagapagsalin(Vietnamese , Cambodian, Lao, Koreano, Thai) , kailangan magpareserba higit sa isang linggo bago nito.



1, 9/19 (Lunes/holiday)Sagamihara International lounge 13:00～16:00
2, 9/23 (Biyernes/holiday)Sagamihara Kenmin Center(2nd floor)13:00～16:00
3, 9/25(Linngo)Ichou shougakkou community house 13:00～16:00
4, 10/1 (Sabado)Hiratsuka shimin katsudou center 13:00～16:00
5, 10/10(Lunes・holiday )Atsugi young community center 13:00～16:00

- Nilalaman : Plenaryo(pagpapaliwanag tungkol sa uri ng highschool, sistema ng eksaminasyon sa pagpasok, scholarship,espesyal na pamamahagi para sa mga dayuhang naninilahan sa Kanagawa prefektyur.

At kuwento ng estudyante ng highschool tungkol sa karanasan sa pagpasok). Sub-komisyon( indibiduwal na pagpapayo sa mga guro sa highchool o mga tao sa board of education ng Kanagawa pref, at estudyante ng highschool)

- Katanugan : Tel&Fax : 050 - 1512 - 0783 E-mail:me-net@nexyzbb.ne.jp

## Shisi-mai ( Lion dance) sa Suge

Ang Shishi-mai sa suge ay Mejishi-kakushi type(Mag-away ang mga lalaking leon para sa isang babaeng leon), umakto nito ang apat na tao (Tengu-duwendeng mahabang ilong, Ojishi-lalaking leon, Mejishi-babaeng leon, at Kyujishi-lalaking leon.) Shishi-mai sa Suge ay itinalaga bilang isang intangible folk asset (Mukei Bunkazai) ng Kanagawa pref. Sa umaga, may paligsahan ng Sumo para sa mga bata sa stage ng Shishi-mai.

**Saan**：Sa loob ng Yakushi Dou (address：4-16-2 Suge Kitaura, Tama ward. 5 minutong lakarin mula sa JR Nambu line Inadazutsumi sta.

**Araw at oras**：Ika 11 ng Setiyembre 14:00～ 70 minuto (Libre)

**Telepono**：044-944-7377)



## Fujiko・F・Fujio Museum

Sa ikatlo(3) ng Setiyembre, ang museo ni "Fujiko ・F・Fujio" (cartoonist na kilala bilang gumawa ng "Doraemon" , "parman" at iba pa) ay magbubukas sa loob ng Ikuta Ryokuchi sa Tama ward. Sa loob ng Museo nito , may eksibisyong nakaayos bawat sa mga tema sa pamamagitan ng halos 50,000 na orihinal na mga lalawan . Mapapanood rin ang ohirinal na movie.

＊**Paunang reserbasyon lamang** (Puwedeng bumili ng tiket sa Lawson ticket sa loob ng dalawang buwan. Puwedeng bumili din ng priority ticket sa JTB ang mga naninirahan sa Kawasaki city.

＊Bayad：Matatanda 1000yen Estudyante ( junior high at highschool)：700yen Bata：500yen
3 taong gulang at mas bata :Libre

＊Paano pumunta： May shuttle bus mula sa Odakyu Noborito Sta.

＊Katanugan：044－200－3713



# ～Mga Paaralan ng Nihonggo sa Kawasaki City～

| | Pangalan | Araw | Oras | Bayad | Pa-alagaan ng bata | Contact No. | Lugar |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Kawasaki Ward. | NIHONGO HIROBA | Miyerkoles | 19：00 ～ 20：30 | Libre | Mayroon：Mula 2taon 650yen/taon | Kyoiku Bunka Kaikan 044-233-6361 | 15 minutong lakarin mula sa JR Kawasaki sta. |
| | Fureai Kan | Martes | 10：00 ～ 11：30 | Material fee | Mayroon：Mula 1 taon 600yen/taon | Fureai Kan 044-276-4800 | Sumakay ng bus papuntang Kawasaki daishi (No.16) mula sa JR Kawasaki sta. east exit, bababa sa YOTSUKADO bus stop |
| | | Biyernes | 10：00 ～ 11：30 | | | | |
| Saiwai Ward. | Saiwai Nihonggo gakkyu | Miyerkoles | 10：00 ～ 11：30 | 600 yen /taon | Mayroon：Mula 1taon 1000 yen/ taon | Saiwai Shimin Kan 044-541-3910 | 15 minutong lakarin mula sa JR Yakou sta. |
| | | Huwebes | 19：00 ～ 20：30 | Material fee | Wala | | |
| | Nihonggo World | Lunes at 1st,2nd,3rd Martes | 10：00 ～ 12：00 | 600yen /Lunes | Mayroon：Mula 1 taon Sariling insurance | Keiko Ikeda 090-5538-8798 | |
| | Kokusai Kouryu Nihonggo Salon | Lunes at 1st,3rdHuwebes | 10：00～11：30 | Libre | Mayroon：Mula 1taon Libre | Hiyoshi bunkan 044-587-1491 | 20 min lakad mula sa JR Nambu line Kasimada Sta./ 15 min lakad mula sa Yokosuka Line Shinkawasaki Sta |
| Nakahara Ward. | Nakahara Nihon-go gakkyu | Martes | 10：00 ～ 12：00 | Material fee | Mayroon：mula 2 taon ¥700/taon | Nakahara shimin Kan 044-433-7773 | 3 minutong lakarin mula sa MusasiKosugi sta. ng JR Nambu line ,Tokyu Toyoko line, Meguro line MusasiKosugi sta |
| | | | 18：30～20：30 | Libre | Wala | | |
| | Nihon-go Free Space 'Sekai jin' | Biyernes | 18：30～20：30 | Libre | Wala | Tomiko Oshima 044-799-9303 | |
| | Kawasaki International association | Martes | 9：50～11：50 | 500yen /beses Advance payment para sa buong semester | Mayroon：mula 1 taon Libre | International Association 044-435-7000 | 10 minutong lakarinmula sa Motosumiyoshi sta. ng Tokyu Toyoko line o Meguro line |
| | | Miyerkoles | 18：30～20：30 | | Wala | | |
| | | Biyernes | 9：50～11：50 | | Mayroon：mula 1 taon Libre | | |
| | INTEX-V-NET Nihon-go club | Sabado | 14：00～16：00 | Libre | Wala | Naoko Aoyagi 044-541-2534 | Kawasaki simin katsudou center 3 min mula sa JR NambuLine/Tokyu Toyoko/Meguro line Musashikosugi sta. |
| Takatsu Ward | Takatsu Nihonggo Kyoushitsu | Miyerkoles | 10：00～11：30 | Material fee | Mayroon：1～4 taon 720 yen/taon | Takatsu Shimin Kan 044-814-7603 | NOCTY 2 11 12F Sa harap ng Mizonokuchi sta. Tokyu den-en-toshi Line/ JR Nambu line |
| | | Huwebes | 19：00～20：30 | Libre | Mayroon：1～4 taon 720 yen/ taon | | |
| | LET'S Nihonggo Salon | Lunes | 10：30～12：00 13：30～15：00 | 200 yen/beses | Wala：Puwedeng isama ang bata | Noriko Kimura 042-337-5070 | Mizonokuchi Catholic Church 5 min lakad mula sa Takatsu sta. Tokyu Den-entoshi line / 8 min lakad mula sa Mizunokuchi sta. JR Nambu line. |
| | Tomoshibi no Kai Nihonggo Kyoshitsu | Sabado | 10:00～16:00 | Material fee+100 yen | Wala | Shunsuke Takahashi 044-822-3067 090-1506-4304 | |
| Miyamae Ward. | Miyamae Nihonggo Gakkyu | Biyernes | 10：00～12：00 | 500yen/ Sem. | Mayroon：Mula 1 taon～ 800yen/年 | Miyamae Shimin Kan 044-888-3911 | 10 minutong lakarin mula sa Miyamae daira sta. ng Tokyu Den-entoshi line (Sa tabi ng Miyamae ward office) |
| | Miyamae Shikiji Nihonggo Gakkyu | Miyerkoles | 19：00～20：30 | | Wala | | |

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Miyamaedaira shougakkou Nihon-go kyoshitsu | Huwebes | 10：00～11：30 | Material fee | Wala : Puwedeng isama ang bata | Shinji Kaneko 044-977-2910 | Miyamaedaira Shougakkou 10 minutong lakarin mula sa Miyamaedaira-sta. |
| Tama Ward. | Tama nihonggo class | Miyerkoles | 10：00～12：00 | Material fee | Mayroon: 6months~6yrs old ¥1100/taon | Tama Shimin Kan 044-935-3333 | Tama Shimin Kan 5 minutong lakarin mula sa Mukougaoka Yuen sta. ng Odakyu line, o 10 minutong lakarin mula sa Noborito sta. ng JR Nambu line |
| | Tama Shikiji Nihonggo Class 'Tamago」 | Biyernes | 19：00～20：30 | Libre | Wala | | |
| | Youkoso ! Nihonggo2010 Nihongo salon | Una at ikatlong Huwebes | 10：00～12：00 | 100 yen/beses(kasama ang insurance fee) | Wala : Puwedeng isama ang bata. | yokoso_nihongo@yahoo.co.jp | |
| Asao Ward. | Asao Nihonggo Class | Huwebes | 10：00～11：30 | Libre | Mayroon : Mula 1 taon 800 yen/taon | Asao shimin Kan 044-951-1300 | 3minutong lakarinmula sa Odakyu Shin yurigaoka sta. |
| | | | 18：30～20：00 | | Wala | | |
| | Kokusai Kouryu Aaso: Shin-yuri class | Martes | 18：00～19：30 | 100 yen / beses | Wala | 044-954-8551 044-989-4434 044-987-8541 | Fukushi Pal Aasao 1 floor ng Ekimae Shin-yuri building sa Odakyu Shin-yurigaoka sta. |
| | Kokusai Kouryu Aaso: Kakio Miyerkoles Class | Miyerkoles | 14：30～16：00 | | Wala | MikikoShimizu 090-1836-0153 Keiko Nakagiri 080-5457-1706 | Kakio Chiku Kaikan 2nd floor 5 minutong lakarin mula sa south exit ng Kakio sta. Odakyu line |
| | Kokusai Kouryu Aaso: Kakio SabadoClass | Sabado | 10：00～11：30 | | Wala | Chiba 090-4050-7649 Hazama 090-2451-3462 | Kakio Shougakkou 5 minutong lakarin mula saNorth exit ng Odakyu Kakio Sta. |

## Kurso ng Wikang hapon sa Kawasaki International Association

**"Masaya at kapaki-pakinabang na wikang hapon para sa mga dayuhan"**

**Ⅱsemester ay magsisimula sa Septyembre !**

Sa Kawasaki International Center　Mga 5～6 estudyante sa isang klase.
Hindi lamang pag-aaral ng Nihonggo kundi pati may ibento para pag-aaral ng kulturang　Hapon o Kawasaki city.

★Pang-umagang kurso Martes at Biyernes 9:50-11:50
Ⅱsem : Septyembre/20(Tue) hanggang Disyembre/6 (Tue) 11,000 yen　(22 beses)
Ⅲsem : Enero/13(Fri) hanggang Marso/9, 2011(Fri) 8,500 yen (17 beses)
＊May libreng　pa-alagaan ng bata (mula isang taong gulang) habang nag-aaral
★Pang-gabing kurso Miyerkoles 18:30-20:30
Ⅱsem : Septyembre/7　hanggang Disyembre/21 7,500 yen (15 beses)
Ⅲsem : Enero/11 hanggang Marso/7 2011 4,500 yen (9beses)

May level check exam para sa mga nakakabasa na ng "Hiragana"at "Katakana"
Sa beginner's class gagamitin ang textbook na 'NIHONGGO 160 JIKAN Ⅰ, Ⅱ (ginawa ng boluntaryong guro sa International Center ¥1,200 bawat isa) 』
Kailangan ng tuition fee at pambayad ng textbook.
☆Paunawa: hindi na maibabalik ang tuition fee kapag binayad na

## Libreng pagpapayo para sa mga dayuhan sa Kawasaki International Association

・Oras (mula 10:00−12:00 , 13:00−16:00)　Telepono 044−435−7000

| Wika | Araw |
|---|---|
| Ingles | Lunes~Sabado |
| Portuges | Martes・Biyernes |
| Koreano | Martes・Huwebes |

| Wika | Araw |
|---|---|
| Intsik | Martes・Miyerkoles・Biyernes |
| Espanyol | Martes・Miyerkoles |
| Tagalog | Martes・Miyerkoles |



・Kawasaki Ward Office　Libreng pagpapayo para sa mga dayuhan

| Wika | Araw | Oras |
|---|---|---|
| Ingles | Una at ikatlong Huwebes | 14:00−16:30 |
| Intsik | Una at ikatlong Martes | 14:00−16:30 |
| Tagalog | Una at ikatlong Martes | 9:30−12:00 |

・Asao Ward Office　Libreng pagpapayo para sa mga dayuhan

| Wika | Araw | Oras |
|---|---|---|
| Ingles | Una at ikatlong Huwebes | 9:30−12:00 |
| Intsik | Una at ikatlong Martes | 9:30−12:00 |
| Tagalog | Una at ikatlong Miyerkoles | 14:00−16:30 |

＊Libreng konsultasyon sa Gyoseishoshi (wikang Hapon)  Saan: International center 2nd floor conference room

・Araw at oras: Ika -19 ng Setyembre Linggo 14:00-16:00 (Kailangan ang reserbasyon para sa interpreter, may bayad)

**Leksyong 『Mag-aral ng Disaster prevention kasama ng mga dayuhan』**

Magbibigay ng pamphlet ng disaster prevention para sa mga dayuhan at magtuturo sa iyo ng dapat gawin sa oras ng sakuna ang tao mula sa Nakahara fire station. Puwede ding subukan ang ‘earthquake simulation truck’.

Araw at Oras: 1(Una) ng Oktubre (Sabado) 10:00～12:00

Saan: Nakahara ward office・5th flooor , conference room 503

Bayad: Libre

Katanugan・Saan mag-apply: Chiiki Shinkou-Ka, Chiiki Anzen-Ka, Nakahara ward office

Telepono: 044－744－3141



# Mga dapat gawin kapag may lindol

**Ano ang gagawin kapag nagkaroon ng lindol?**

○Kapag nakaramdam ng pag-yuga, maging mahinahon at pumunta sa ligtas na lugar tulad ng sa ilalim ng matibay na mesa Kung may almuwadon, takpan ang ulo dahil posibleng tutumba ang mga kasangkapan, o babagsak ang mga gamit sa itaas ng kasangkapan o cabinet.

○Buksan ang bintana o pintuan na pwedeng labasan kung kinakailangan. Ang malakas na pag-yuga ay magpapatuloy nang 1 -2 minuto. Huwag mag-panik, tumakbo palabas. Huminahon lamang.

○Kapag huminto ang pag-yuga, Patayin agad ang kalan, heater, at iba pang mga kasangkapan na nakasindi na maaaring pag-mula ng apoy. Kapag aalis ng bahay pagkatapos ng lindol, patayin ang breaker ng kuryente. Kahit na magkaroon ng sunog , subukan patayin ang sunog sa pamamagitan ng fire extinguisher o iba pa. Tawagin ang ibang kapitbahay sa malakas na boses at hingin ang kanilang tulong para patayin ang sunog.

○Iwasan lumapit sa mga masikip na daan, gilid ng bakod, at sa tabi ng ilog at talampas. Baka may nahuhulog na tisa ng bubong o natutumbang dingding, Lumayo mula sa mga ganito.

○Lumakad lamang patungong evacuation center at kaunting gamit lamang ang dalhin.

○Kung nagkaroon ng Tsunami, lumikas agad sa ligtas na lugar tulad ng mataas na lugar o likasan para sa tsunami.

○Kapag nakaramdam ng lindol habang nag-mamaneho,pabagalin ang takbo ng sasakyan at huminto sa kaliwang bahagi ng kalsada. Patayin ang makina ng sasakyan. Makinig sa radyo para sa informasyon. Kapag lisanin ang sasakyan, siguraduhing iwanang nakakabit ang susi at lumakad patungong evacuation.

○Kumuha ng tamang impormasyon sa TV o radyo.











## Paghahanda sa lindol

○Para maging handa sa malakas na lindol, mag-usap usap ang miyemblo ng pamilya at magpasiya tungkol sa sumusunod

・Saan ang pinaka-ligtas sa loob ng bahay ・Siguraduhin ang mga first-aid kit o fire extinguisher ・Sino ang nakaresponsibilidad sa paglikas ng mga bata at matanda. ・Nasaan ang evacuation site at paano ang daan patungo sa evacuation ・ Sino ang magdadala at Ano ang dadalhin sa oras ng paglikas. ・Saan ilagay ang emargency pack

○Ayusin ang mga kasangkapan para hindi ito matutumba o malalaglag.Mag-ipon ang tubig sa bathtab.

○Paghahanda ng pang-emerhensyang gamit－≫ Ilagay ang mga ito sa lugar na madaling kumuha kahit kailan.

Flashlight, radyo, kutsilyo, lighter, baterya, helmet, kumot, damit, tubig、kandila , lampin, baby bottles, powdered milk, maiimbak na pagkain, de lata, biskwit, tsokolate, guwantes, first-aid kit、pera、passbook ng bangko, personal na tatak (Inn kan), pasaporte, librito ng segurong pangkalusugan, , at iba pa

○Maghanda sa loob ng iyong supot ang evacuation card o mga tumutunog na gamit tulad ng sipol o buzzer para maipalaam ang iyong kinaroonan.